

# Ano ang dapat kong asahan pagkatapos kong makakuha ng bakuna laban sa COVID-19?



4/2021

Maaari kang magkaroon ng ilang banayad hanggang katamtamang mga side effect, sa loob ng ilang araw. Ito ay karaniwang mga palatandaan na ang iyong katawan ay gumagawa ng proteksyon. Dapat mawala ang mga ito sa loob ng ilang araw. Ang ilang tao ay walang mga side effect o maaaring magkaroon ng magkakaibang mga side effect pagkatapos ng kanilang ika-2 dosis kaysa sa naranasan nila matapos ang unang pagbabakuna. Napakabihirang magkaroon ng malubha o malalang mga side effect pagkatapos magpabakuna.



## Mga karaniwang side effect

### Sa braso kung saan ka nabakunahan:

- Pananakit
- Pamumula
- Pamamaga

### Sa ibang natitirang bahagi ng iyong katawan:

- Pagod
- Pananakit ng ulo
- Pananakit ng kalamnan
- Panginginig
- Lagnat o pagpapawis
- Pagduduwal, o masamang lagay ng tiyan

Ang ilang bakuna sa COVID-19 ay nangangailangan ng 2 bakuna upang lubos ang proteksyon mula sa virus. Mahalaga na makuha ang parehong bakuna, kahit nagkaroon ka ng mga side effect pagkatapos ng unang pagpapabakuna. Dapat kang makakuha ng parehong bakuna maliban kung sinabi ng iyong doktor o nagbabakuna na huwag magpabakuna.



Matagal makabuo ng proteksyon ang iyong katawan pagkatapos ng anumang pagbabakuna. **Ikaw ay itinuturing na ganap nang nabakunahan o protektado 2 linggo pagkatapos ng huling dosis ng iyong bakuna sa COVID-19.** Maaari ka pa ring magkasakit ng COVID-19 kung nalantad ka sa virus bago ka magkaroon ng pagkakataong makuha ang huling bakuna, o nalantad bago ang iyong katawan ay nakagawa ng kabuuang immunity sa sakit. Ang mga bakuna ay hindi makagagambala sa mga resulta ng pagsusuri. Upang mapanatiling ligtas ang iba hanggang sa maraming tao ang mabakunahan, magsuot ng mask kapag ikaw ay nasa mga pampublikong lugar o nasa paligid ng maraming tao.

## Mga payo na makakatulong

Pinakamabuting maghintay hangga't makakaya mo ng uminom ng anumang gamot sa sakit pagkatapos mong magpabakuna. Subalit, kung kailangan mong uminom ng gamot para sa kirot o hindi komportableng pakiramdam pagkatapos mong mabakunahan, kausapin ang iyong doktor tungkol sa gamot na nabibili nang walang reseta, tulad ng ibuprofen o acetaminophen (madalas na tinatawag na Tylenol).

Mahalagang panatilihin ang pag-inom ng anumang pangmatagalang pang-araw-araw na mga gamot, maliban kung sasabihin ng iyong doktor na ihinto ang pag-inom nito pagkatapos mong mabakunahan. Maaaring lubhang mapanganib na huminto sa pag-inom ng mga gamot na palaging iniinom.

### Upang mabawasan ang sakit at pagkirot kung saan ka nabakunahan:

- Maglagay ng malinis, malamig, basang bimpo sa lugar na nabakunahan.
- Pakilusin o ehersisyo ang iyong braso.

### Upang mabawasan ang hindi komportableng pakiramdam mula sa lagnat:

- Uminom ng maraming tubig
- Magdamit ng magaan, mga damit na hindi ka maiinitan.

### Kailan tatawagan ang doktor


Sa karamihang pagkakataon, karaniwan ang mga side effect. Tawagan ang iyong doktor or tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan:

- Kung ang pamumula o pagiging sensitibo ng nabakunahan ay nagsimulang lumala pagkalipas ng 24 na oras (o 1 araw).
- Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong mga side effect o tila hindi ito naalis pagkatapos ng ilang araw.
- Kung natanggap mo ang bakuna ng Johnson & Johnson at mayroong alinman sa mga sintomas na ito: matinding sakit ng ulo, pananakit ng likod, mga bagong neurologic na sintomas, matinding pananakit ng tiyan, hirap sa paghinga, pamamaga ng binti, petechiae (maliliit na pulang spot sa balat), o bago o madaling magkapasa.



### Tanungin ang nagbakuna sa iyo kung paano magpalista gamit ang v-safe.

Ang v-safe ay isang tool sa online na hinahayaan kang sabihin sa CDC kung nakaranas ka ng anumang mga side effect pagkatapos magpabakuna laban sa COVID-19. Maaari ka ring makakuha ng mga paalala kung kailangan mo ng ika-2 dosis.



**v-safe**<sup>SM</sup>  
pagkatapos magpabakuna  
health checker



Alamin ang iba pa tungkol sa v-safe sa [www.cdc.gov/vsafe](http://www.cdc.gov/vsafe).